
Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata



# Mga Mabuting Hari, Mga Masasamang Har

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus; Alastair Paterson

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber


Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Nakakalungkot na araw para kay Manase. Ang kanyang ama, si Haring Hesekia, ay kamamatay lang. Ngayon, labing dalawang taon lang siya. si Manase ay naging hari sa mga tauhan ng Panginoon sa Judah. Hindi niya alam noon, na si Manase ay magiging hari ng Limangpu't limang (55) taon. Kailangan ni Manase ang tulong ng Panginoon upang siyay maging mabuting hari.




Ngunit hindi niya pinansin ang Panginoon at gumawa siya ng masasamang bagay. Pinagawa niya muli ang mga altar upang sambahin ang mga idolo.  Gumawa siya ng imahen at nilagay sa Banal na Templo ng Diyos!  Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Huwag kayong gagawa ng ano mang anyo, karva o imahen. Huwag kayo magtungo o maglingkod sa kanila."




Si Manase ay isinagawa ang pangkukulam at anting anting. Pinangunahan niya ang mga tao na malayo sa Panginoon. Sinunog niya ang kanyang mga anak na lalake bilang handog sa mga idolo. Ang hindi pagsunod sa Diyos ay ikinagalit ng Panginoon ng malaki kay Manase.



Ng ang mga tao ay hindi sumunod sa utos ng Diyos, pinabayaan silang maparusahan. Iyon ang nangyari kay Manase at ang kanyang kaharian. Pinarating ng Panginoon ang mga kawalan ng Aseria sa kanila. Si Manase ay ginapus ng kadena at dinala sa Babelonia.





Nagdusa sa Babelonia, si Manese at nagsumamo siya sa Panginoon, ang kanyang Diyos. Nagpakumbaba siya sa harap ng Diyos ng kanyang mga kanunuang ama, at nanalangin sa Kanya.




Wala ng panalangin sa patay na mga idolo! Ngunit, sagutin ba kaya si Manase ng buhay na Diyos pagkatapos nang lahat na ginawa niyang kasamaan?

Opo! Dininig ng Panginoon ang mga panalangin ng hari, at ibinalik siya sa Jerusalem, ibinalik sa kanyang trono, hari pa rin sa kanyang mga tauhan. Sa ganon si Manase ay nakaalam na ang Panginoon ay Diyos.



Nagbago si Haring Manase. Kinuha niya ang mga imahen sa templo ng Diyos at tinipon ang lahat ng panginoong dayuhan sa Jerusalem. Itinapon ang lahat ng mga ito.



Iniayos niya ang altar ng Panginoong Diyos at naghandog bilang pasasalamat. Pagkatapos iniutos ninya sa ang mga tao na maglingkod sa Panginoong Diyos muli.



Nang namatay si Manase, ang kanyang anak na lalake, si Amon, ay naging hari at binalik ang pagsamba sa idolo.  Ngunit hindi siya nagpakumbaba sa harap ng Panginoon na gaya ni Manase.  Habang si Amon ay nagkasala ng nagkasala, pinatay siya ng kanyang mga alila, sa kanyang bahay.  Naghari siya ng dalawang taon.



Ang sumunod na hari, si Josaya, ay walong taon lamang.  Siya ay naghari ng (31) tatlongpu't isang taon at ginawa niya ang tama at maayos sa paningin ng Diyos.  Sinira niya ang lahat ng mga hindi sumasamba at lahat ng hindi totoo na Diyos.  Sa katutuhanan, giniling ni Josaya ang mga idolo at ginawa ninyang pulvo ang mga ito.



Ang mabuting hari na si Josaya ang naglinis at nag ayos ng templo ng Diyos. Doon sa mga basura may nakita iyong isang pari na Aklat ng Batas ng Panginoon na binigay ni Moises.





Nang narinig ng hari ang mga Salita sa Batas, pinunit niya any kanyang suot sa kanyang kalungkutan.  Si Josaya ang nakakaalam kung gaano kasama ang kanyang kanunuan na hindi sumunod ng batasan ng Diyos.


Isang babaing propeta ay nagbigay ng mensahe galing sa Diyos kay Josaya. “Ito ang sabi ng Diyos, ‘Pagmasdan, ipapadala ko ang lahat ng mga lait na nakasulat sa aklat dito sa lugar na ito, sa pagkat, iniwan nila ako.’”


Ngunit dahil si Josaya
ay nagpakumbaba
at sumusunod,

hindi ito
mangyayari
habang siya
ay buhay.




Tinulungan ng Diyos si Josaya sa paghahari ng tauhan na maibalik sila sa Diyos. Isang araw, habang siya ay nangunguna ng kanyang kawalan sa digmaan, si Josaya ay lubhang nasugatan ng namamanang kalaban.





Agad agad, ang
kaharian ay natapos.
Ngunit balang araw,
isang hari ay
maghahari sa Israel.
Ang pangalan ay
HARI NG MGA HARI,
AT PANGINOON NG
MGA PANGINOON.
Noong unang pagdating
ni Kristu Hesus,
Siya ay tinanggihan
at ipinako sa Krus.



Pag dating ni Hesus Kristu muli, hindi lamang siya hari ng Israel, ngunit sa lahat ng tauhan sa buong mundo.

# Mga Mabuting Hari, Mga Masasamang Har

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

2 Kronik 33-36

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16